



**Kagawaran ng Katarungan ng  
Estados Unidos**

*Dibisyon ng Karapatang Sibil*

**Kagawaran ng Edukasyon ng  
Estados Unidos**

*Opisina para sa Karapatang Sibil*



**Impormasyon para sa Mga Magulang at Tagapangalaga na Limitado sa  
Kahusayan sa Ingles (LEP) at para sa mga Paaralan at mga Distrito ng  
Paaralan na Nakikipag-ugnayan sa Kanila**

Sinasagot ng fact sheet na ito ang mga karaniwang tanong tungkol sa mga karapatan ng mga magulang at tagapangalaga na hindi nakapagsasalita, nakaririnig, nakababasa, o nakapagsusulat ng mahusay sa Ingles dahil hindi ito ang kanilang pangunahing wika.

***Dapat bang magbigay sa akin ang paaralan ng anak ko ng impormasyong nasa wikang nauunawaan ko?***

Oo. Dapat iparating ng mga paaralan ang impormasyon sa mga magulang na limitado sa kahusayan sa Ingles sa wikang nauunawaan nila tungkol sa anumang programa, serbisyo, o aktibidad na ipinararating sa kaalaman ng mga magulang na mahusay sa Ingles. Kabilang dito ang, ngunit hindi limitado sa, impormasyong may kinalaman sa:

- pagrehistro at pag-enroll sa paaralan at mga programa ng paaralan
- mga programa sa tulong sa wika
- mga report card
- mga patakaran at pamamaraan sa pagdisiplina sa estudyante
- espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo, at mga pagpupulong para talakayin ang espesyal na edukasyon
- mga panayam ng magulang at guro
- mga pamamaraan sa pagsampa ng reklamo at mga abiso ng kawalan ng diskriminasyon
- mga handbook ng magulang
- mga programa para sa mga likas na magaling at may talento
- mga magnet at charter na paaralan
- mga hiling para sa pahintulot ng magulang para sa paglahok ng estudyante sa mga aktibidad ng paaralan

***Dapat bang magbigay ang paaralan ng tulong sa wika kung hilingin ko ito kahit pa mahusay sa Ingles ang anak ko at ako naman ay medyo mahusay sa Ingles?***

Oo. Dapat tumugon ang mga paaralan sa hiling ng isang magulang para sa tulong sa wika at tandaan na maaaring limitado sa kahusayan sa Ingles ang mga magulang kahit pa mahusay ang anak nila sa Ingles.

***Maaari bang hilingin ng paaralan sa anak ko, sa iba pang estudyante, o kawani ng paaralan na hindi sanay, na magsalin o mag-interpret para sa akin?***

Hindi. Dapat magbigay ang mga paaralan ng pagsasalin o intepretasyon mula sa mga naaangkop at mahuhusay na indibidwal at hindi maaaring umasa o humiling sa mga estudyante, kapatid, kaibigan, o kawani ng paaralan na hindi sanay, na magsalin o mag-interpret para sa mga magulang.



### ***Anong impormasyon ang dapat kong asahan mula sa paaralan kung natututo ng Ingles ang anak ko?***

Kapag nag-enroll ang anak mo, dapat kang makatanggap ng sasagutang survey sa wika sa tahanan o halintulad na form, na tumutulong sa paaralan na tukuyin ang mga posibleng natututo ng Ingles, na maaaring makatanggap ng mga serbisyong tulong sa wika. Kung natukoy ang anak mo bilang natututo ng Ingles, dapat kang abisuhan ng paaralan sa pamamagitan ng liham sa loob ng 30 araw sa simula ng taong pampaaralan na may impormasyon tungkol sa antas ng kahusayan sa wikang Ingles ng anak mo, mga programa at serbisyo na makatutugon sa mga pangangailangang pang-edukasyon ng anak mo, at sa karapatan mong umayaw na isama ang anak mo sa isang programa o mga partikular na serbisyo para sa mga natututo ng Ingles. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga karapatan ng mga natututo ng Ingles, pakibisita ang <http://www2.ed.gov/about/offices/list/ocr/docs/dcl-factsheet-el-students-201501-tagalog.pdf>.

### ***Anu-anong uri ng proseso ang magagamit ng mga distrito ng paaralan para tukuyin ang mga magulang na limitado sa kahusayan sa Ingles?***

- Dapat bumuo at magpatupad ang mga distrito ng paaralan ng proseso sa pagtukoy kung ang mga magulang ay limitado sa kahusayan sa Ingles at pagtukoy sa mga pangangailangan nila sa wika.
- Dapat nakadiseno ang proseso na tukuyin ang lahat ng magulang na limitado sa kahusayan sa Ingles, kabilang na ang mga magulang at tagapangalaga na ang pangunahing wika ay hindi karaniwan sa distrito o may mga anak na mahusay sa Ingles.
- Maaaring gumamit ang distrito ng paaralan, bilang halimbawa, ng isang survey sa wika sa tahanan, para alamin kung kailangan ng isang magulang ng pasalita at/o nakasulat na komunikasyon sa ibang wika bukod sa Ingles.
- Ang unang pagtatanong ng paaralan ay siyempre dapat nakasalin sa mga wikang karaniwan sa paaralan at nakapalibot na komunidad upang maidisenyo ito na maabot ang mga magulang sa isang wika na malamang na nauunawaan nila.

### ***Anu-anong hakbang ang dapat isagawa ng mga distrito ng paaralan para magbigay ng mabisang tulong sa wika para sa mga magulang na LEP?***

- Dapat magbigay ang mga distrito ng paaralan ng mabisang tulong sa wika sa mga magulang na limitado ang kahusayan sa Ingles, gaya ng pag-alok ng mga nakasalin na materyales o isang taga-interpret ng wika. Dapat libre ang tulong sa wika at ibibigay ng mga naaangkop at mahusay na kawani, o sa pamamagitan ng naaangkop at mahuhusay na tagalabas.
- Dapat tiyakin ng mga distrito ng paaralan na ang mga interpreter at tagasalin ay may kaalaman sa parehong wika pagdating sa mga espesyal na kataga o konsepto na gagamitin sa pagtalakay ng pinag-uusapan, at nakapagsanay sa papel na interpreter at tagapagsalin, sa etika ng pag-interpret at pagsasalin, at sa pangangailangan ng pagpapanatili sa pagkakumpidensyal.



## Kagawaran ng Katarungan ng Estados Unidos Edukasyon ng Estados Unidos

Dibisyon ng Karapatang Sibil



## Kagawaran ng

Opisina para sa Karapatang Sibil

- Hindi sapat na bilingual (nagsasalita ng dalawang wika) ang mga kawani. Halimbawa, ang isang miyembro ng kawani na bilingual ay maaaring makipag-usap sa mga magulang na limitado sa kahusayan sa Ingles sa ibang wika, ngunit maaaring hindi mahusay sa pag-interpret nang papunta sa at mula sa wikang iyon, o para magsalin ng mga dokumento.

### ***Ano ang magagawa ko kung may mga tanong ako, nais ko ng karagdagang impormasyon, o naniniwalang hindi sinusunod ng paaralan ang mga kinakailangang ito?***

- Maaari ninyong bisitahin ang website ng Opisina para sa Karapatang Sibil (OCR) ng Kagawaran ng Edukasyon ng Estados Unidos sa [www.ed.gov/ocr](http://www.ed.gov/ocr) o makipag-ugnayan sa OCR sa numerong (800) 421-3481 (TDD: 800-877-8339) o sa [ocr@ed.gov](mailto:ocr@ed.gov). Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagsampa ng reklamo, bumisita sa <http://www2.ed.gov/about/offices/list/ocr/docs/howto-tagalog.pdf>.
- Maaari kayong bumisita sa website ng Dibisyon ng Karapatang Sibil ng Kagawaran ng Katarungan ng Estados Unidos sa [www.justice.gov/crt/about/edu/](http://www.justice.gov/crt/about/edu/) o makipag-ugnayan sa DOJ sa numerong (877) 292-3804 o sa [education@usdoj.gov](mailto:education@usdoj.gov). Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagsampa ng reklamo, bumisita sa [www.justice.gov/crt/complaint/#three](http://www.justice.gov/crt/complaint/#three).
- Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga obligasyon ng mga distrito ng paaralan sa mga estudyanteng natututo ng Ingles at sa mga magulang na limitado sa kahusayan sa Ingles, ang karagdagang gabay ng OCR ay makukuha sa <http://www2.ed.gov/about/offices/list/ocr/ellresources.html>.